# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## BS200 Ang Mga Patriarchs

### CBS203 Abraham, Hagar, Ishmael at Eliezer

**Conrad Jun Tolosa**

#### *Abraham, Hagar at Ishmael*

Makaraan ang sampung taong pamamalagi sa Canaan, naisip ni Sarai na pasipingin ang kanyang alilang babaeng si Hagar, na isang Egyptian, kay Abram sapagkat hindi siya makapagdalang-tao. Pumayag si Abram sa mungkahi ni Sarai.

Nang nagdalang-tao na si Hagar, natutuhan niyang kasuklaman si Sarai. Sinisi ni Sarai ang kanyang asawang si Abram sa nangyayarai sa relasyon nila ni Hagar. Dahil sa reklamo ni Sarai, sinabi sa kanya ni Abram, *Alipin mo siya, gawin mo ang gusto mo sa kanya.* Pinagmalupitan ni Sarai si Hagar hanggang hindi na makapagtiis ang alipin kaya't siya ay lumayas na lamang.

Sa ilang - malapit sa isang bukal - kinatagpo ng Anghel ng Diyos si Hagar. *Saan ka galing at saan ka pupunta?* ang tanong ng anghel. *Nilayasan ko ang aking among babae*, ang tugon ni Hagar. Pinagsabihan ng Anghel ng Diyos ang babaeng nagdadalang-tao na, *Bumalik ka sa iyong pinaglilingkuran, at magpailalim ka sa kanyang awtoridad; pagkakalooban kita ng mga inapo na hindi mo makakayang bilangin,* ang sabi ng Anghel ng Lord kay Hagar. *Nasa sinapupunan mo ngayon ang isang sanggol na lalaki. Pangalanan mo siyang Ishmael. Siya ay magiging tulad ng asno na hindi mapigilan. Ang kanyang pagkatao ay laban sa lahat ng kanyang kalahi.* Ganoon nga ang nangyari, binigyan ni Hagar si Abram ng isang anak na lalaki na pinangalanan niyang Ishmael.

86 years old si Abram nang isilang si Ishmael. Sinilang naman ni Sarai si Isaac nang si Abram ay 100 years old na. Ibig sabihin, 14 years ang tanda ni Ishmael kay Isaac.

Minsan nakita ni Sarai na pinaglolololoko ni Ishmael ang batang si Isaac. Ito ay ikinagalit nang husto ni Sarai. Pinagsabihan niya si Abram na palayasin ang mag-ina sapagkat hindi siya papayag na makihati sa mana si Ishmael kay Isaac.

Kinagalit ni Abram ang kagustuhang ito ni Sarai sapagkat anak din niya si Ishmael. Subalit sinabihan ng Diyos si Abram na sundin niya si Sarai sapagkat sa saling-lahi ni Isaac bibilangin ang kanyang mga magiging inapo, bagamat gagawin din ng Diyos na nasyon si Ishmael.

Tinanong ng anghel ng Lord si Hagar nang siya ay nasa ilang nang ganito: *Saan ka galing at saan ka pupunta?* Kaibigan, maaaring alam mo kung saan ka galing, subalit ang tanong ay ito: *Alam mo ba kung saan ka pupunta?*

Kung ikaw ay hindi pa nakakasiguro sa iyong final destination, pakinggan mo ang sinasabing ito ni Cristo: *Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay. Walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko*. Kung hindi mo pa pinananaligan ang pangungusap na ito ni Cristo, ito na ang iyong pagkakataon.

### *Abraham at Eliezer*

Bago namatay si Abraham pinasumpa niya ang kanyang katiwala na si Eliezer na huwag ihahanap ng mapapangasawa si Isaac sa mga taga-roon sa Canaan; bagkos ay pumunta siya sa mga kamag-anak niya doon sa kanyang bayang-sinilangan at doon maghanap. Subalit kung hindi papayag ang napiling babae na sumama pabalik sa kanya sa Canaan, libre na ang katiwala sa kanyang sumpa.

Humayo ang katiwala, at kanyang mga kasama, tungo sa Mesopotamia na may dalang maraming magagandang gamit mula kay Abraham. Ang mga panregalong dala ay sakay sa sampung camelyo.

Nang dumating na sila sa bayan ng Nahor pinaluhod ng katiwala ang mga camelyo sa malapit na isang balon. Dapit-hapon na noon, oras para sumalok ng tubig ang mga kababaihan ng bayang iyon sa balon. Nanalangin sa Diyos ang katiwala ni Abraham upang siya ay makasiguro na ang babaeng kanyang pipiliin ay siyang kinalugdan ng Diyos. Ipinagkaloob ng Diyos ang kanyang kahilingan sa katauhan ni Rebekah, isang magandang dilag na anak ni Bethuel, na anak ni Nahor, na kapatid ni Abraham. Sumampalataya sa Diyos ang katiwala sa pagkadinig ng kanyang panalangin, sa paggabay sa kanyang paglalakbay at sa tagumpay ng kanyang pakay.

Ipinagpaalam ng katiwala si Rebekah sa kanyang mga magulang at sila ay bumalik sa Canaan.

Pinatunayan sa salaysay na ito na si Eliezer ay isang tunay na katiwala at isang makadiyos na tao na naniniwala sa kapangyarihan ng panalangin.

Pansinin natin ang patotoo ng Scripture patungkol sa katiwala ni Abraham. Una, siya ay ang pinagkatiwalaan ni Abraham na mamahala ng lahat ng kanyang ari-arian, pati na ang paghahanap ng mapapangasawa ni Isaac. Ikalawa, siya ay may malayo at malinaw na pag-iisip. Clinaro niya kay Abraham kung ano ang kanyang gagawin kung sakaling hindi pumayag na sumama pabalik sa Canaan ang mapipili niya para kay Isaac. Ikatlo, may tiwala siya sa Diyos na sinampalatayanan niya, ang Diyos ni Abraham, na naging Diyos niya na rin. Ika-apat, siya ay makatotoo sa kanyang pagsasalaysay sa kanyang karanasan, Ika-lima, siya ay naging matapat sa kanyang pakay.

Dinudulog mo ba sa panalangin ang pagpapatupad ng iyong mga gawain? Naniniwala ka ba sa kapangyarihan ng panalangin? Tinuro ni Cristo na kung tayo ay mananalangin, sa ating Ama sa langit tayo manalangin. Sinusunod mo ba ito?

***Multiple Choice:***

1. Anong bagay ang maaari nating matutunan nang katagpuin ng anghel ng Diyos si Hagar sa unang pagkakataon?
    a. Ang magpasakop sa awtoridad bagamat magiging mahirap ito para sa atin.
    b. Minsan ay kailangang gawin ang isang bagay na nais nating iwasan or ayaw nating gawin.
    c. Wala sa choices.
    d. Both A at B

2. Alin ang tamang statement?
    a. Ang buhay ni Hagar ay naging mahirap at puno ng pasakit.
    b. Ang buhay ni Hagar at Ishmael ay isang bahagi ng malaking plano ng Diyos.

c. Si Hagar ay tumanggao ng pagpapala at pangako mula sa Diyos.
d. All of the above.

3. Anong katangian ni Abraham ang hindi matutunghayan sa kwentong nabasa?
   a. Siya ay obedient sa Lord.
   b. Siya ay considerate sa kanyang asawa.
   c. Siya ay walang pagmamahal kay Ishmael.
   d. Lahat ng choices.

4. Alin ang tamang statement?
   a. Nakikita ng Diyos ang suffering ng tao at ito ay pinapabayaan lamang Niya.
   b. Ang biyaya ng Diyos ay sufficient kaya't hindi Niya pinabayaan si Hagar sa kanyang hinagpis.
   c. God provides hope sa mga taong walang pagtitiwala sa Kanya.
   d. Wala sa choices.

5. Alin sa mga sumusunod na statement ang nagpapatunay na si Eliezer ay isang *good and faithful servant*?
   a. Nag-focus siya sa *mission* na pinagawa ni Abraham at hindi nagpa-distract *along the way*.
   b. Sinunod niya ang ibang intstructions ni Abraham habang ang iba naman ay hindi.
   c. Ginawa niya ang *task at hand knowing* na may makukuha siyang *reward in the end*.
   d. All of the above.

6. During the mission, alin sa sumusunod ang hindi ginawa ni Eliezer?
   a. Nagdala ng maraming regalo bilang paghahanda sa tagumpay ng kanyang mission.
   b. Nanalangin sa Diyos na maging tagumpay ang mission hindi para sa sarili kungdi para sa kanyang master na si Abraham.
   c. Sa kanyang panalangin, mapapansin na hindi niya alam ang katangian ng babaeng ipinalangin niya sa Diyos na nakalaan para kay Isaac.
   d. Wala sa choices.

7. Ang mabuting katiwala ay:
   a. Tapat sa kanyang tungkulin
   b. Marunong sumunod sa direksyon
   c. Malinaw mag-isip
   d. All of the above.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.